

Sunday Service (19 July 2026)

Glory to God; Father, Son and Holy Spirit:
as in the beginning, so now, and for ever. Amen.

Saving God,
in Jesus Christ you opened for us
a new and living way into your presence:
give us pure hearts and constant wills
to worship you in spirit and in truth;
through Jesus Christ our Lord,
who lives and reigns with you and the Holy Spirit,
one God, now and for ever. **Amen.**

Matthew 13:24-30

Jesus told them another parable: "The kingdom of heaven is like a man who sowed good seed in his field. But while everyone was sleeping, his enemy came and sowed weeds among the wheat, and went away. When the wheat sprouted and formed heads, then the weeds also appeared. "The owner's servants came to him and said, 'Sir, didn't you sow good seed in your field? Where then did the weeds come from?' "'An enemy did this,' he replied. "The servants asked him, 'Do you want us to go and pull them up?' "'No,' he answered, 'because while you are pulling the weeds, you may uproot the wheat with them. Let both grow together until the harvest. At that time I will tell the harvesters: First collect the weeds and tie them in bundles to be burned; then gather the wheat and bring it into my barn.'"

In the Gospel of Matthew, Jesus tells the parable of the weeds and the wheat. A farmer goes out and sows good seed in his field. But while everyone is asleep, an enemy comes and scatters weeds among the wheat. As the plants grow, the weeds appear. The farmer's servants are concerned. They ask if they should pull out the weeds. But the farmer says, "No. If you try to pull them now, you might uproot the wheat too. Let both grow together until the harvest." This story speaks deeply to us as followers of Jesus. It shows us how good and evil, faith and doubt, peace and trouble often grow side by side in our lives. We see it in the world. We see it in the church. We see it in our own hearts. And still, God is patient. He does not rush to destroy. He waits for the right time.

For those who work at sea, this message is especially powerful. The sea is a place of both beauty and danger. Some days are calm, others are filled with storms. Sometimes the journey is peaceful, and other times it feels full of uncertainty. Just like the field in the parable, life at sea holds both wheat and weeds. There is good work, friendship, and a sense of purpose. But there may also be loneliness, temptation, or frustration.

Jesus reminds us that God is the good sower. He has planted something valuable in you. Even if you feel far from land or far from home, God has not forgotten you. His word is planted in your heart. His Spirit is present in your daily work. Even when life feels mixed with struggle and joy, God is not done growing something good in you.

We may wonder why God allows evil to remain. Why does he not remove it all now? But the parable tells us something important. God is careful with what he loves. He does not act in haste. If he were to tear out all that is bad too soon, it might damage the good. God is not only powerful, he is wise and patient. He waits for the full harvest.

There is a lesson here for us as well. We are not called to be the harvesters. That is God's job. We are called to be the wheat. To grow in faith. To be patient. To hold on during the hard days. To trust that God will make all things right in his time.

On board a ship, there is much that is outside your control. The weather, the waves, the workload, and even the people around you. But what you can control is your heart. You can choose to be kind. You can choose to pray. You can choose to keep believing. These are the signs of good wheat growing in your life.

Sometimes you may feel surrounded by weeds. You may feel that the good is being choked or buried. But Jesus says, do not worry. Let them grow together. God will sort it out. In the end, he will gather what is his, and nothing good will be lost.

The sea teaches us to wait, to trust, and to endure. In the same way, Jesus teaches us to wait for the harvest. To trust the sower. To keep growing no matter what surrounds us. So take courage. God is at work. Even here. Even now. The harvest will come.

**I believe in God, the Father almighty,
creator of heaven and earth.**

**I believe in Jesus Christ, God's only Son, our Lord,
who was conceived by the Holy Spirit, born of the virgin Mary,
suffered under Pontius Pilate, was crucified, died, and was buried;
he descended to the dead.
on the third day he rose from the dead; he ascended into heaven,
and is seated at the right hand of the Father;
from there he will come to judge the living and the dead.**

**I believe in the Holy Spirit, the holy catholic Church, the communion of saints,
the forgiveness of sins, the resurrection of the body,
and the life everlasting. Amen.**

(Seafarer's Prayer)

Gracious God, thank you for planting your Word in our hearts like good seed. Help us grow strong in faith, even when we face trials at sea. When we feel burdened by worry, loneliness, or doubt, remind us that you are near. Teach us to trust your timing and leave judgment to you, focusing instead on living with love, patience, and hope. Watch over all seafarers. Keep us safe through every voyage. Strengthen our bodies and calm our hearts. Be with our families far away and comfort them with your peace. Let our lives reflect your goodness, even in difficult times. May we be fruitful in faith, and ready for your harvest. In Jesus' name we pray. **Amen.**

**Our Father in heaven,
hallowed be your name,
your kingdom come,
your will be done, on earth as in heaven.**

Give us today our daily bread.

Forgive us our sins as we forgive those who sin against us.

Save us from the time of trial and deliver us from evil.

**For the kingdom, the power, and the glory are yours
now and for ever. Amen.**

The Grace of the Lord Jesus Christ, and the love of God, and the fellowship of the Holy Spirit, be with us all evermore. **Amen.**

Tagalog Sunday Service (19 July 2026)

Luwalhati sa Diyos, Ama, Anak, at Banal na Espiritu:

Noon, ngayon, at magpakailanman. Amen.

Mapagligtas na Diyos, sa pamamagitan ni Hesukristo ay binuksan Mo para sa amin ang bago at buhay na daan tungo sa Iyong presensya. Pagkalooban Mo kami ng malilinis na puso at matatag na kalooban upang sambahin Ka sa espiritu at katotohanan. Ito ang aming dalangin sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon, na nabubuhay at naghahari kasama Mo at ng Espiritu Santo, iisang Diyos, ngayon at magpakailanman. **Amen.**

Matthew 13:24-30

24. Sinaysay niya sa kanila ang ibang talinghaga, na sinasabi, Ang kaharian ng langit ay tulad sa isang taong naghasik ng mabuting binhi sa kaniyang bukid:

25. Datapuwa't samantalang nangatutulog ang mga tao, ay dumating ang kaniyang kaaway at naghasik naman ng mga pangsirang damo sa pagitan ng trigo, at umalis.

26. Datapuwa't nang sumibol ang usbong at mamunga, ay lumitaw nga rin ang mga pangsirang damo.

27. At ang mga alipin ng puno ng sangbahayan ay nagsiparoon at nangagsabi sa kaniya, Ginoo, hindi бага naghasik ka ng mabuting binhi sa iyong bukid? saan kaya nangagmula ang mga pangsirang damo?

28. At sinabi niya sa kanila, Isang kaaway ang gumawa nito. At sinabi sa kaniya ng mga alipin, Ibig mo бага na kami nga'y magsiparoon at ang mga yao'y pagtipunin?

29. Datapuwa't sinabi niya, Huwag; бага sa pagtitipon ninyo ng mga pangsirang damo, ay inyong mabunot pati ng trigo.

30. Pabayaang ninyong magsitubo kapuwa hanggang sa panahon ng pagaani: at sa panahon ng pagaani ay sasabihin ko sa mga mangaani, Tipunin muna ninyo ang mga pangsirang damo, at inyong pagbibigkisin upang sunugin; datapuwa't tipunin ninyo ang trigo sa aking bangan.

Sa Ebanghelyo ni Mateo, ikinuwento ni Jesus ang talinghaga ng mga damo at trigo. May isang magsasaka na lumabas at naghasik ng mabuting binhi sa kanyang bukid. Ngunit habang natutulog ang lahat, dumating ang kaaway at naghasik ng mga damo sa gitna ng trigo. Habang lumalaki ang mga halaman, lumilitaw din ang mga damo. Nag-alala ang mga tagapaglingkod ng magsasaka at tinanong kung dapat ba nilang bunutin ang mga damo. Ngunit sinabi ng magsasaka, "Hindi. Kapag sinubukan ninyong bunutin ngayon, бага mabunot pati ang trigo. Hayaan ninyong sabay silang lumago hanggang sa anihan." Ang kuwentong ito ay may malalim na kahulugan para sa atin bilang mga tagasunod ni Jesus. Ipinapakita nito kung paanong ang mabuti at masama, pananampalataya at pag-aalinlangan, kapayapaan at kaguluhan ay madalas sabay na lumalago sa ating buhay. Nakikita natin ito sa mundo. Nakikita natin ito sa simbahan. Nakikita rin natin ito sa ating sariling puso. At gayon pa man, ang Diyos ay mapagpasensya. Hindi Siya nagmamadaling magwasak. Naghihintay Siya sa tamang panahon.

Para sa mga nagtatrabaho sa dagat, napakalakas ng mensaheng ito. Ang dagat ay lugar ng kagandahan at panganib. May mga araw na ito ay kalmado, at may mga pagkakataon na ito ay puno ng bagyo. Minsan ang paglalakbay ay payapa, at kung minsan ay puno ng pag-aalinlangan. Tulad ng bukid sa talinghaga, ang buhay sa dagat ay may halong trigo at damo. May mabuting trabaho, pagkakaibigan, at pakiramdam ng layunin. Ngunit maaari ring may kalungkutan, tukso, o pagkabigo. Ipinapaalala sa atin ni Jesus na ang Diyos ang mabuting naghahasik. May itinanim Siyang mahalaga sa iyo. Kahit pakiramdam mo ay malayo ka sa lupa o sa iyong tahanan, hindi ka

kinalimutan ng Diyos. Ang Kanyang Salita ay nakatanim sa iyong puso. Ang Kanyang Espiritu ay kasama mo sa iyong araw-araw na gawain. Kahit ang buhay ay may halong hirap at saya, hindi pa tapos ang Diyos sa paghubog ng mabuti sa iyo.

Madalas nating itanong kung bakit hinahayaan ng Diyos na manatili ang kasamaan. Bakit hindi Niya ito agad alisin? Ngunit itinuturo ng talinghaga sa atin ang isang mahalagang katotohanan: maingat ang Diyos sa Kanyang minamahal. Hindi Siya kumikilos nang padalos-dalos. Kung agad Niyang bubunutin ang lahat ng masama, maaaring madamay pati ang mabuti. Ang Diyos ay hindi lamang makapangyarihan, Siya rin ay marunong at mapagpasensya. Naghihintay Siya hanggang sa tamang panahon ng anihan. May aral din ito para sa atin. Hindi tayo ang inatasang maging taga-ani. Tungkulin iyon ng Diyos. Tayo ay tinawag upang maging trigo—lumago sa pananampalataya, magtiyaga, at manatiling matatag sa gitna ng mahihirap na araw. Magtiwala na gagawin ng Diyos ang lahat sa Kanyang tamang panahon. Sa barko, maraming bagay ang hindi natin kontrolado: ang panahon, ang alon, ang trabaho, at maging ang mga taong nasa paligid natin. Ngunit may mga bagay na nasa ilalim ng ating kontrol. Maaari mong piliing maging mabuti. Maaari mong piliing manalangin. Maaari mong piliing manatiling nananampalataya. Ito ang mga palatandaan na ang mabuting trigo ay patuloy na lumalago sa iyong buhay.

Kung minsan, maaaring maramdaman mong napapalibutan ka ng mga damo. Maaaring isipin mong ang kabutihan ay unti-unting nasasakal o natatabunan. Ngunit sinasabi ni Jesus, huwag kang mabahala. Hayaan silang sabay na lumago. Ang Diyos ang mag-aayos ng lahat sa Kanyang tamang panahon. Sa huli, titipunin Niya ang mga tunay na kabilang sa Kanya, at walang anumang mabuti ang mawawala.

Itinuturo sa atin ng dagat ang kahalagahan ng paghihintay, pagtiwala, at pagtitiis. Gayundin, itinuturo ni Jesus na maghintay tayo sa panahon ng anihan, magtiwala sa Naghahasik, at patuloy na lumago anuman ang nasa ating paligid. Kaya lakasan ninyo ang inyong loob. Ang Diyos ay patuloy na kumikilos—kahit narito tayo, kahit sa sandaling ito. Darating ang panahon ng anihan.

**Sumasampalataya ako sa Diyos, Amang makapangyarihan sa lahat,
lumikha ng langit at lupa.**

**Sumasampalataya ako kay Hesukristo, ang bugtong na Anak ng Diyos, ating Panginoon,
na ipinaglihi sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ipinanganak ng birheng Maria, nagdusa sa
ilalim ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, at inilibing; bumaba siya sa patay.**

**sa ikatlong araw ay nabuhay siya mula sa mga patay; umakyat siya sa langit, at nakaupo sa kanan ng
Ama; mula roon ay darating siya upang hatulan ang mga buhay at ang mga patay.**

**Sumasampalataya ako sa Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katoliko, sa pakikipag-isa ng mga
banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa muling pagkabuhay ng katawan, at sa buhay na
walang hanggan. Amen.**

(Panalangin ng mga Marino)

Mapagpalang Diyos, salamat po sa pagtatanim ng Iyong Salita sa aming mga puso na tulad ng mabuting binhi. Tulungan Mo kaming lumago at tumatag sa pananampalataya, lalo na sa gitna ng mga pagsubok sa dagat. Kapag kami ay nababalot ng pag-aalala, pangungulila, o pag-aalinlangan, ipaalala Mo sa amin na lagi Kang malapit. Turuan Mo kaming magtiwala sa Iyong tamang panahon at ipaubaya sa Iyo ang paghatol, habang namumuhay kami nang may pag-ibig, pagtitiis, at pag-asa. Bantayan Mo ang lahat ng mga marino. Ingatan Mo kami sa bawat paglalayag. Palakas Mo ang aming mga katawan at bigyan Mo ng kapayapaan ang aming mga puso. Samahan Mo rin ang aming mga pamilyang naiwan sa tahanan at aliwin Mo sila sa Iyong kapayapaan. Nawa'y maipakita ng aming buhay ang Iyong kabutihan kahit sa gitna ng mga

paghihirap. Gawin Mo kaming mabunga sa pananampalataya at laging handa sa Iyong pag-aani. Sa ngalan ni Hesus, kami ay nananalangin. **Amen.**

Ama namin, na nasa langit,

sambahin nawa ang pangalan Mo.

Dumating nawa ang kaharian Mo.

Masunod nawa ang kalooban Mo, dito sa lupa gaya sa langit.

Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw-araw.

Patawarin Mo kami sa aming mga kasalanan,

gaya ng pagpapatawad namin sa mga nagkakasala sa amin. At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso, kundi iligtas Mo kami sa kasamaan.

Sapagkat sa Iyo ang kaharian, ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, magpakailanman. Amen.

Ang biyaya ng Panginoong Jesu-Cristo, ang pag-ibig ng Diyos, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumaatin nawa lahat magpakailanman. **Amen.**